



## **Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng New Jersey (NJEDA) Programa sa Pagpapabuti ng Pasilidad para sa Pangangalaga sa Bata ng New Jersey *Abiso sa Pagkakaroon ng Pondo***

Ang Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng New Jersey (NJEDA o Awtoridad) ay inaasahang maglulunsad ng isang online na aplikasyon para sa *Programa sa Pagpapabuti ng mga Pasilidad para sa Pangangalaga sa Bata sa NJ – Unang Yugto* sa ganap na 10 a.m. sa Nobyembre 15, 2022 sa <https://www.njeda.com/child-care-improvement-program>. Sisimulan ng NJEDA ang proseso ng pagrepaso sa aplikasyon na mauunang rerepasuhin ang unang dumating mula noong sinimulang isumite ang mga ito, na magsisimula sa petsa at oras ng pagbubukas sa publiko ng aplikasyon sa programa at hanggang nakalaan na ang lahat ng pondo, o tatlong (3) taon matapos ang paglulunsad ng aplikasyon, alinman ang mas mauna. Dadaan ang mga aplikasyon sa ilang yugto ng pagrepaso na may patuloy na komunikasyon sa pagitan ng kawani ng NJEDA at ng aplikante nang tuloy-tuloy.

### **Layunin**

Ang *Programa sa Pagpapabuti ng mga Pasilidad para sa Pangangalaga sa Bata ng NJ – Unang Yugto* ay nagbibigay ng mga tulong sa pananalapi sa pagitan ng \$50,000 at \$200,000 sa mga may lisensiyadong sentro para sa pangangalaga sa bata na makatutulong sa mataas na kalidad na kapaligiran para sa pag-aaral ng batang musmus. Maaaring magmungkahi ang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata ng mga pagpapabuti sa loob at labas ng pasilidad upang pagandahin ang kalidad ng kanilang programa at tumanggap ng pondo upang bayaran ang buong gastos ng proyekto.

### **Pangkalahatang Pananaw**

Binigyang-diin ng pandemya ng COVID-19 ang kahalagahan ng sektor ng pangangalaga sa bata bilang isang mahalagang tagapagtaguyod ng pang-ekonomiyang aktibidad at pagbangon. Nangangailangan ang mga pamilyang nagtatrabaho ng maaasahan, ligtas, abot-kaya, mararating, at de-kalidad na pangangalaga sa bata. Gayunpaman, ang New Jersey at buong bansa - ay parehong nahaharap sa kumplikadong mga hamon habang bumabangon ang ekonomiya.

Noong Hulyo 2021, ipinasa ng lehislatura at nilagdaan ni Gobernador Murphy ang S3990 na maging batas bilang P.L. 2021, c. 114, na naglaan ng \$100 milyon ng pondong pederal na American Rescue Plan (ARP) State at Local Fiscal Recovery Funds (SLFRF) upang suportahan ang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata at manggagawa ng pangangalaga sa bata sa pamamagitan ng ilang inisyatiba, kabilang ang pagbibigay ng mga pinansyal na tulong para pagpapabuti ng mga pasilidad, tulong teknikal, mga suporta para sa pag-unlad ng manggagawa, at pag-aaral sa sitwasyon ng pangangalaga sa bata sa estado. Nakatanggap ang NJEDA ng \$54.5 milyong pinansyal na tulong para sa pagpapabuti ng pasilidad at upang magbigay ng tulong teknikal sa mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata. Gagamitin din ng programang ito ang \$4.45 milyon na inilaang pondo ng estado sa budget ng taong 2022 upang suportahan ang mga pagpapabuti ng pasilidad para sa pangangalaga sa bata. Sa Unang Yugto ng Programa sa Pagpapabuti ng mga Pasilidad para sa Pangangalaga sa Bata, ang \$14.45 milyon ng pinagsamang pondo ng estado at pederal ay magagamit na may kakayahang tumaas hanggang \$24.45 milyon batay sa pangangailangan.

## ***Mga Detalye ng Programa***

Ang mga pinansyal na tulong sa Unang Yugto ay upang tulungan ang mga lisensiyadong sentro para sa pangangalaga sa bata na gumawa ng mataas na kalidad ng kapaligiran para sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagbayad sa buong gastos sa mga panloob at panlabas na pagpapabuti. Ang pagpopondo para sa Unang Yugto ay bukas lamang sa mga lisensiyadong sentro para sa pangangalaga sa bata. Ang rehistradong mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata ng pamilya (mga FCC), kilala rin bilang mga tahanan ng pangangalaga sa bata ng pamilya, ay hindi karapat-dapat para pondohan sa Unang Yugto.

Alinsunod sa pangako ni Gobernador Murphy sa sektor ng pangangalaga sa bata, ang layunin ng pinansyal na tulong ay upang suportahan ang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata ng New Jersey na gumawa ng mga pagpapabuti sa kanilang pasilidad upang:

- Suportahan ang mga negosyo ng pangangalaga sa bata - kabilang ang maraming negosyong pagmamay-ari ng minorya at kababaihan at mga census tract na karapat-dapat sa Opportunity Zone - na karaniwang walang access sa pagpopondo para sa pagpapabuti ng mga pasilidad at payagan ang mga tagapagbigay na magpalabas ng pondo na hindi nakalaan sa mga pasilidad para sa iba pang paggamit.
- Ituon ang mga mapagkukunan sa mga komunidad na mas nangangailangan dahil sa makasaysayang pag-alis ng pamumuhunan, sa pamamagitan ng paglalaan para sa mga tagapagbigay na matatagpuan sa lugar mga Opportunity Zone at isama ang pangangailangan na ang mga tagapagbigay ay maglingkod mga batang mababa ang kita na tumatanggap ng suporta mula sa Programa ng Tulong para sa Pangangalaga ng Bata.
- Isulong ang mga kapaligiran na angkop sa pag-unlad at edad, at suportahan ang mga tagapagbigay na naapektuhan ng pandemya ng COVID-19 upang manatiling mapapakinabangan at magagamit upang pagsilbihan ang mga pamilya at bata.
- Himukin ang mga tagapagbigay na lumahok sa Grow NJ Kids (GNJK), Rating sa Kalidad at Sistema ng Pagpapabuti (QRIS) ng New Jersey upang potensyal na mapataas ang mga rate ng kabayaran para sa mga batang karapat-dapat sa subsidiya.

Hanggang 40 porsyento ng kabuuang pagpopondo sa pinansyal na tulong na magagamit sa Unang Yugto ng Programa ay ilalaan para sa mga aplikanteng karapat-dapat sa mga census tract na karapat-dapat sa Opportunity Zone.

## ***Pagiging Kwalipikado***

Sa Unang Yugto, ang mga lisensiyadong sentro ng pangangalaga sa bata lamang ang karapat-dapat. Dapat matugunan ng mga aplikante ang mga sumusunod na pamantayan:

- Naging mga lisensiyadong sentro ng pangangalaga sa bata ng Kagawaran ng mga Bata at Pamilya ng New Jersey (DCF) simula Hunyo 4, 2021 at nag-aalok ng full-time na pangangalaga sa loob ng anim na oras o higit pa kada araw nang hindi bababa sa 10 buwan ng taon.
  - Ang mga aplikante ay maaaring mga negosyo para kumita o mga organisasyong hindi kumikita.
- Maaaring ariin o upahan ng mga aplikante ang kanilang lugar.

- Kasalukuyang naka-enroll o nag-enroll sa loob ng 12 buwan bago ang petsa ng aplikasyon, hindi bababa sa isang anak na tumatanggap ng suporta sa pamamagitan Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao (DHS) Programa ng Tulong para sa Pangangalaga sa Bata (CCAP) ng New Jersey.
- Mabuti ang katayuan sa mga Kagawaran ng New Jersey sa:
  - Pagpapaunlad ng Trabaho at Manggagawa
  - Proteksyon ng Kapaligiran
  - Treasury (Dibisyon ng Pagbubuwis)
  - Mga Bata at Pamilya
  - Mga Serbisyong Pantao.
- Hindi pinagbawalan sa pagtanggap ng mga pondong pederal gaya ng nakasaad sa System for Award Management (SAM) ng pederal.
- Kung hindi pa naka-enroll sa Grow NJ Kids (GNJK), Rating sa Kalidad at Sistema ng Pagpapabuti ng NJ, dapat mangako ang mga aplikante na magpa-enroll sa loob ng isang taon ng pagpapatupad ng kasunduan ng tulong sa pananalapi sa NJED.
- Ipinapangako na pananatilihin ang kanilang lisensiya sa Kagawaran ng mga Bata at Pamilya (DCF) upang magbigay ng pangangalaga sa lokasyon ng proyekto sa pagpapabuti ng pasilidad sa loob ng hindi bababa sa apat na taon pagkatapos ng pagpapatupad ng kasunduan ng tulong sa pananalapi sa NJED.
- Ang mga aplikasyon ay magiging limitado sa isang aplikasyon kada sentro ng pangangalaga sa bata na lisensiyado ng DCF (batay sa numero ng lisensiya, na lisensiyado sa antas ng lokasyon sa lugar ng sentro ng pangangalaga sa bata) at dalawang aplikasyon kada Numero ng Pagkakalilanlan ng Employer (EIN).

### ***Mga Karapat-dapat na Paggamit***

Sa ilalim ng *Programang sa Pagpapabuti ng Pasilidad para sa Pangangalaga sa Bata ng NJ – Unang Yugto*, ang mga pinansyal na tulong ay maaaring gamitin para sa inaasahang mga gastos na nauugnay at hindi nauugnay sa konstruksyon ng gusali, muwebles, mga fixture, at kagamitan (FFE) na may kaugnayan sa karapat-dapat ng pagpapabuti ng mga pasilidad. Maaaring kabilang sa mga proyekto ang mga panloob at panlabas na pagpapabuti at isang kumpletong listahan ng mga karapat-dapat na paggamit ang makikita [dito](#). Hindi hihigit sa 20 porsyento ng pinansyal na tulong ang maaaring gamitin upang suportahan ang mga gastos na hindi nauugnay sa konstruksyon ng gusali, na para sa programang ito ay limitado sa mga bayarin para sa arkitekto, mga bayad sa permiso, pagpapadala at paghahatid ng kargamento, at masusing pag-aaral sa kapaligiran.

Sasakupin ng mga pinansyal na tulong ang buong gastos ng proyekto ng (mga) pagpapabuti ng pasilidad, na may pinakamababang karapat-dapat na gastos sa proyekto na \$50,000 at pinakamataas na karapat-dapat na gastos sa proyekto na \$200,000 kada sentro ng pangangalaga sa bata na lisensiyado ng DCF. Hindi maaaring gamitin ng mga aplikante ang panlabas na pagkukunan ng pondo upang pondohan ang partikular na (mga) proyekto na iminungkahi sa aplikasyong ito. Ang paggawad ng mga pinansyal na tulong ay kakalkulahan batay sa nakasaad na gastos ng proyekto ng pagpapabuti ng pasilidad, kasama ang karagdagang 15 porsyento, na maaaring gamitin ng pinagkalooban, sa kahilingan at beripikasyon ng NJEDA, para sa mga hindi inaasahang sumobrang gastos.

Lahat ng proyekto sa pagpapabuti ng pasilidad ay dapat isagawa ng Mga Kontratista ng Pamublikong Pagawain na Rehistrado sa Kagawaran ng Paggawa ng New Jersey, na dapat sumunod sa umiiral na sahod at mga kinakailangang positibong hakbang ng estado at mairehistro sa SAM.gov.

### ***Mga Halaga ng Pinansyal na Tulong***

Ang pinakamababang halaga ng pinansyal na tulong ay \$50,000 na may pinakamataas na igagawad na \$200,000 kada sentro ng pangangalaga sa bata na lisensiyado ng Kagawaran ng mga Bata at Pamilya, kasama ang karagdagang 15 porsyento, na maaaring gamitin ng pinagkalooban, sa kahilingan at beripikasyon ng NJEDA, para sa mga hindi inaasahang sumobrang gastos.

### ***Proseso ng Aplikasyon***

Tatanggapin ang mga online na aplikasyon at rerepasuhin sa batayan na ang unang darating ay mauunang pagsisilbihan mula sa petsa at oras ng pagbubukas sa publiko ng aplikasyon sa programa. Tatanggapin ang mga aplikasyon hanggang maubos ang lahat ng pondo o tatlong taon matapos ang paglulunsad ng palikasyon, alinman ang mas mauna.

### ***Mga Bayarin***

Dahil sa pinansyal na hirap na naranasan ng mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata sa panahon at pagbangon mula sa pandemya, pati na rin ang pag-amin sa katotohanan na nag-o-operate ang industriya ng pangangalaga sa bata sa ilalim ng masyadong manipis na mga margin ng kita kung saan ang alinman sa mga karaniwang bayarin ng Awtoridad ay makakapaglimita sa kakayahan ng mga pasilidad ng pangangalaga sa bata na ma-access ang pagpopondong ito, walang mga bayarin ang kokolektahin ng Awtoridad para sa programang ito.

### ***Karagdagang Impormasyon***

Ang komprehensibong impormasyon tungkol sa Comprehensive information about the *Programang sa Pagpapabuti ng mga Pasilidad para sa Pangangalaga sa Bata ng NJ – PUnng Yugto* ay available sa [www.njeda.com/child-care-improvement-program](http://www.njeda.com/child-care-improvement-program).